{Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay napagagalak sa pagkakanan sa pagsasandalyas niya, pagsusuklay niya, at pagdadalisay niya, at sa pumapatungkol sa kanya sa kabuuan nito.}

Ayon kay `Ā'ishah na ina ng mga mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay napagagalak sa pagkakanan sa pagsasandalyas niya, pagsusuklay niya, at pagdadalisay niya, at sa pumapatungkol sa kanya sa kabuuan nito.}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nakaiibig at nagmamagaling na magsimula siya sa kanan sa mga nauukol sa kanya na naaangkop sa pagpaparangal. Kabilang doon: Na magpasimula siya sa kanang paa sa pagsusuot ng sandalyas niya, magpasimula siya sa pagsusuklay ng buhok ng ulo niya at balbas niya, pagsasaayos ng mga ito, at paglalangis sa mga ito; at sa wuḍū' niya nag-uuna siya ng kanan sa kaliwa sa mga kamay at mga paa.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3018